

Ang Pagpapakain sa 5000

(Mateo 14:13-21, Juan 6:1-14)

Si Jesus ay ang Anak ng Diyos, isinugo sa mundo upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos at turuan ang mga tao tungkol sa Kanyang kaharian. Nagpagaling Siya ng mga maysakit, gumawa ng mga himala, at nagturo ng mahahalagang aral tungkol sa pananampalataya, kabutihan, at pagtitiwala sa Diyos.



Si Jesus ay naglalakbay sa iba't ibang bayan. Kahit saan Siya magpunta, maraming tao ang sumusunod sa Kanya. Isang araw, matapos marinig ang malungkot na balita tungkol sa pagkamatay ni Juan Bautista, nais ni Jesus na mapag-isa. Sumakay Siya sa bangka kasama ang Kanyang mga alagad at tumawid patungo sa isang tahimik na lugar sa kabilang panig ng Dagat ng Galilea.

Ngunit nakita ng mga tao kung saan Siya papunta. Mabilis silang naglakad mula sa iba't ibang bayan at nauna pang dumating sa Kanya! Pagkababa ni Jesus mula sa bangka, nakita Niya ang napakaraming tao—libu-libong lalaki, babae, at bata. Sa halip na paalisin sila, naawa Siya sa kanila. Pinagaling Niya ang mga may sakit at tinuruan sila tungkol sa kaharian ng Diyos.

Nang palubog na ang araw, nabahala ang mga alagad. Sinabi nila kay Jesus, "Malayo ang lugar na ito, at malapit nang gumabi. Pauwiin na po natin ang mga tao para makabili sila ng pagkain sa mga kalapit na bayan."

Ngunit may ibang plano si Jesus. Tiningnan Niya sila at sinabi, "Kayo ang magpakain sa kanila."

Nagulat ang mga alagad. "Aabutin po ng buwan-buwang sahod ang pagpapakain sa ganito karaming tao! Saan po tayo makakahanap ng sapat na pagkain para sa kanila?"

Sa sandaling iyon, napansin ni Andres, isa sa mga alagad, ang isang batang lalaki sa karamihan. May dala siyang simpleng baon—limang tinapay na sebada at dalawang isda. "Narito po ang isang batang may limang maliit na tinapay at dalawang isda," sabi ni Andres, "ngunit paano po ito makasasapat sa ganito karaming tao?"

Ngumiti si Jesus at inutusan ang mga tao na maupo sa damuhan. Kinuha Niya ang limang tinapay at dalawang isda, tumingala sa langit, at nagpasalamat. Pagkatapos, pinagpira-piraso Niya ang tinapay at ibinigay sa mga alagad upang ipamahagi sa mga tao.

Isang kamangha-manghang bagay ang nangyari—hindi naubos ang pagkain! Habang ipinapasa nila ito, lalong dumadami ang natitira. Ang buong karamihan—mga 5,000 lalaki, bukod pa ang mga babae at bata—ay kumain hanggang mabusog.

Matapos silang lahat makakain, inutusan ni Jesus ang mga alagad na tipunin ang natirang pagkain. Napuno nila ang labindalawang basket ng natirang tinapay at isda!

Namangha ang mga tao. Napagtanto nila na ginawa ni Jesus ang isang bagay na tanging Diyos lamang ang may kakayahang gawin. Ang ilan sa kanila ay nais Siyang gawing hari. Ngunit alam ni Jesus na mas dakila ang Kanyang layunin kaysa sa pagbibigay lamang ng pagkain—Siya ay naparito upang magbigay ng buhay na walang hanggan.

Pagkatapos paalisin ang mga tao, umakyat si Jesus sa bundok upang manalangin nang mag-isa.

Pinagkakaloob ni Jesus ang ating mga pangangailangan, kapwa espirituwal at pisikal. Tulad na lang ng kwentong nabasa, Siya ay naglaan ng pagkain para sa mga taong sumunod at nakinig sa Kanya. Siya ay may kapangyarihang magkaloob ng pangangailangan sa oras na iyon sa pamamagitan ng himala ng pagpaparami ng mga tinapay at isda. Ito ay nagpapatunay na walang imposible para sa Kanya. Bagama't nag-aalinlangan ang mga alagad kung kaya nilang pakainin ang napakaraming tao, ipinakita ni Jesus na ang pagtitiwala sa Kanya ay nagdudulot ng mga kamangha-manghang bagay.

